

Ang Hamon ng Elektroniks

Hamon sa Pandaigdigang Industriya ng Elektroniks na magpatupad ng mas ligtas at sustinidong mga produkto at gawi, at alisin ang lahat ng mapanganib na kemikal, pagkakalantad dito at mga basurang dulot nito

Ang Hamon

Hinahamon ng International Campaign for Responsible Technology (ICRT), Good Electronics Network at mga alyado nito ang mga *electronics brand*, mga kumpanyang nagmamanupaktura at mga suplayer na aktibong bawasan at alisin ang mga kemikal at pisikal na mga panganib sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapatupad ng mas ligtas na mga alternatibo. Inihahapag namin ang hamon na ito sa mga industriya, gobyerno at iba pang kalahok sa buong proseso (life cycle) ng produktong elektroniko mula sa mga kinukuhang materyales, pagpoproseso, paglikha ng produkto, distribusyon/suplay, pagbebenta, paggamit at pagresaykel / muling pagproseso (recycle) at pagtatapon ng produkto. Sinusuportahan at binibigyang-diin ng ICRT at Good Electronics ang mga prinsipyo ng *Internalization of External costs and Extended Producer Responsibility*.

Karapatang Pantao, Karapatang Pangmanggagawa at Pangangalaga ng Kalikasan Pangunahing layunin ang isang sustinidong (sustainable) produksyon na ligtas, malusog, may pangangalaga sa kalikasan (maka-kalikasan) at makatarungan. Para makamit ito, kinakailangang kilalanin ng industriya ng elektroniks ang mga sumusunod na karapatang pantao at pangmanggagawa:

- Karapatan para sa isang ligtas at malusog na lugar-pagawaan. Responsibilidad ng industriya na tiyakin ang isang epektibong mekanismo ng proteksyon sa loob ng pagawaan para hindi magkasakit o maaksidente ang mga manggagawa.
- Karapatan para sa isang malusog na komunidad at ligtas na kapaligiran, malaya sa mga panganib na dulot ng mga ginagamit at itinatapon ng materyales sa buong siklo/proseso ng paggawa ng produkto.
- Karapatang malaman kung ano ang mga panganib sa loob ng pagawaan, lahat ng mga kemikal na ginagamit at anu-ano ang mga itinatapon sa kapaligiran.
- Karapatan sa isang epektibong lunas kapag may nangyaring panganib/sakuna. Kabilang dito ang karapatang kompensasyon sa mga manggagawang nagkasakit o nasaktan, at kung ano ang pananagutan ng industriya sa komunidad at sa kalikasan.
- Karapatan ng mga manggagawa na mag-organisa ng walang paghadlang at panunupil at kolektibong makipagnegosasyon at makipagtawaran sa kumpanya.

Mga Pagkilos at Pagbabagong Kailangan

Sa partikular, inilalatag namin sa mga electronics brands, taga-manupaktura at kanilang mga suplayer ang anim na pangunahing punto ng mga pagbabago at mga aksyong kinakailangan:

1. Maging bukas. Ipaalam sa mga manggagawa, komunidad at sa publiko ang lahat ng mga materyales at sangkap na ginagamit, kabilang na ang mga kemikal na ginagamit at itinatapon, at mga panganib na idudulot nito sa kalikasan at sa mga tao (kasama ang panganib sa panganganak) na may kaugnayan sa naturang mga kemikal.
2. Gumamit ng mas ligtas na mga kemikal. Tasahin ang mga mapanganib na sangkap na ginagamit sa buong proseso/siklo ng pagmamamupaktura ng produkto at palitan ito ng mas ligtas na mga alternatibo. Kapag hindi alam ang mga idudulot na panganib sa kalikasan at sa mga tao, iiwasan ang paggamit nito; kapag hindi sapat ang mga impormasyon, ang prinsipyo ng pag-iingat ay gagamitin hanggang ang lahat ng kinakailangang pagsusuri ay maisagawa na.
3. Pangalagaan ang mga manggagawa. Magpaunlad at magpatupad, kasama ang mga apektado at iba pang interesadong mga manggagawa at kanilang mga organisasyon, ng isang komprehensibong sistema ng pagmomonitor/pagbabantay sa mga panganib sa lahat ng mga pagawaan at mga manggagawa sa buong proseso/siklo ng produkto. Kabilang na dito ang pagsasanay, pagpapaunlad ng kakayahan (capacity building), at pagbabantay/pagmomonitor sa mga industriya, pati na ang pagsukat sa pagkakalantad sa mga kemikal at pagbabantay sa mga kalusugan para malaman at maiwasan ang mga sakit. Kinakailangang makapagnegosasyon ang mga manggagawa hinggil sa mga mapanganib na kundisyon sa paggawa at tanggihan ang mga peligrosong gawain nang walang pangambang ganti sa kanila.
4. Garantiyahan ang partisipasyon ng mga manggagawa. Igalang ang mga pagsisikap ng mga manggagawa at komunidad na lumahok sa wasto at mahusay na paggamit ng mga kemikal at basura nito sa kanilang mga pagawaan at komunidad. Kabilang dito ang pagpapaunlad ng epektibong mga komite sa kalusugan at kaligtasan at mga programa sa pagsasanay sa mga manggagawa.
5. Pangalagaan ang komunidad at kalikasan. Pigilan ang mga panganib sa buong proseso ng paggawa ng produkto. Magsagawa ng mga epektibo, bukas at independyenteng pagbabantay sa

lahat ng mga pinagdadaan/pinagtatapan ng mga basura (discharge streams). Tanggalin ang lahat ng mga mapanganib na basura sa hangin, daanan ng tubig at kalupaan.

6. Bayaran at bigyang-lunas ang lahat ng naidulot na epekto sa tao at sa kalikasan. Magpaunlad at maglaan ng pondo sa mga mekanismo na nagtitiyak ng mga panandaliang lunas (emergency relief) at karampatang kompensasyon sa mga manggagawa (kasalukuyan at dati, pati na ang kanilang mga pamilya) at mga komunidad na apektado ng pagkakalantad sa mga mapanganib na kemikal. Magpaunlad ng mga mekanismo ng pondo para tiyakin ang pagbibigay-lunas sa mga epekto sa kalikasan at pagawaan hangga't kinakailangan ito.